JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**


Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1
## Pagbibigay ng Panuto na may Tatlo hanggang Apat na Hakbang Gamit ang Pangunahin at Pangalawang Direksyon



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Cherilyn Q. Bagbag, Josephine R. Quirong |
| **Editor:** | Julieta L. Arellano |
| **Tagasuri:** | Ronel L. Fernadez, Kristian P. Roxas, Crisente P. Talitayan |
| **Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** | |
| **Tagalapat:** | EPS Florencio R. Caballero, DTE |
| **Tagapamahala:** | SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI |
| | ASDS Visminda Q. Valde, EdD |
| | ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE |
| | ASDS Juliet A. Magallanes, EdD |
| | EPS Florencio R. Caballero, DTE |
| | EPS Josephine L. Tomboc,EdD |




# Alamin

Kumusta ka na?

Masaya ka ba na malapit mo ng matapos ang mga aralin sa modyul sa taong ito? Ikaw ay nasa Ikaapat na Markahan na at sana patuloy mo pang pag- ibayuhin ang kagalingan sa pagsagot sa mga pagsasanay sa modyul na ito.

Araw- araw may mga kautusang ibinigay sa iyo ang iyong mga magulang. Nasusunod mo ba ito ng maayos? Tulad ng pagpunta sa tindahan upang bumili ng mga kailangan sa inyong tahanan.

Hindi ka lamang sumusunod sa mga tagubilin ng iyong magulang kundi ikaw rin ay paminsan minsang nagbibigay ng utos sa inyong nakababatang kapatid. Naintindihan ba nila ang iyong mga panutong sinabi sa kanila? Sa modyul na ito masusubok ang kakayahan mo sa pagbibigay ng mga panuto gamit ang pangunahin at pangalawang direksyon.

Sa pagtatapos ng araling ito ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nakapagbibigay ng panuto na may tatlo hanggang apat na hakbang gamit ang pangunahin at pangalawang direksyon. **(F4PS-Iva-8.7)**


Halika! Sabay nating tuklasin ang mga ito.



# Balikan

**Gawain A:** Sa nagdaang mga aralin nalalaman natin kung paano sumulat ng pangungusap na nag-uutos. Yun ang tinatawag nating pangungusap na **Pautos**.

Ang larawan sa ibaba ay mapa ng lugar na tinitirahan ni Nena. Si Nena ay isang batang mabait at masunurin. Kaya pwede siyang utusan ng kahit na sinong kapitbahay niya. Kung ikaw ay isa sa mga kapitbahay ni Nena anu-ano ang mga bagay na iyung iuutos sa kanya?




Magbigay ng 5 pangungusap na pautos na maaari mong iuutos kay Nena. Isulat ito sasagutang papel.

1.____________________________________________

2.____________________________________________

3.____________________________________________

4.____________________________________________

5.____________________________________________

**Gawain B:** Tingnan ang mapa ng tinitirahang lugar ni Nena. Kumpletuhin ang mga pangungusap gamit ang mga salitang napaloob sa kahon sa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Hilaga | Kanluran | Timog | Silangan |
| Hilagang-kanluran | | Timog-silangan | |
| Hilagang-silangan | | Timog-kanluran | |

1. Si Nena ay nakatira sa _______________bahagi ng istasyon ng bumbero.
2. Makikita sa ______________ng palengke ang ospital.
3. Nasa ______________naman ng bahay nina Nena ang paaralan.
4. Ang paliparan ay matatagpuan naman sa ______________ ng kanilang tahanan.
5. Kapag siya ay pupunta sa sakayan ng dyip si Nena ay magtungo sa gawing ____________.



# Tuklasin

**Basahin at Pag-isipan.**






Tingnan ang mapa ng bagong tirahan nina Jenny. Unang araw niya sa pagpasok sa paaralan kayat, hindi niya alam kung paano makapunta rito. Sa daan, malapit sa sakayan ng motorsiklo nakatagpo niya si Aling Didang.

Jenny: Magandang araw po sa inyo Ale.

Aling Didang: Magandang araw din sa iyo Eneng. Bakit ka parang nababalisa riyan?

Jenny: Oo nga po eh. Bago pa lang kasi kami rito Ale. Ako nga pala si Jenny.

Aling Didang: Ako si Aling Didang. Bakit, saan ka ba pupunta?

Jenny: Gusto ko po kaseng malaman kung paano makarating doon sa aking paaralan.

Aling Didang: Hay naku Jenny napakadali lamang at pwede mo lang itong lakarin.Mula rito sa kalyeng kinatatayuan mo, lalakad ka pahilaga, pagkatapos lumiko ka pakanluran sa ikalawang kalye, baybayin mo ang

daan hanggang sa makita mo ang malaking tindahan at sa bahaging hilagang-kanluran tiyak na matatagpuan mo ang iyong bagong paaralan.

Sagutin sa sagutang papel ang mga sumusunod:

1. Sinu-sino ang nag-uusap sa kwento?
2. Ano ang suliranin ni Jenny?
3. Paano siya tinulungan ni Aling Didang?
4. Kung ikaw ang napagtanungan ni Jenny, matutulungan mo ba siya? Paano?
5. Kung halimbawa, nawawala pa rin si Jenny sa kahahanap niya sa kanyang paaralan at siya'y napunta sa gawing kanlurang harapan ng simbahan tapus ikaw ang napagtanungan niya, paano mo siya bigyan ng panuto upang makarating sa paaralan?



# Suriin


**Pag-aralan natin.**

**Panuto**- ay mga tagubilin sa pagsasagawa ng iniutos na gawain.
- maaring pabigkas o nakasulat ang mga panuto
- ginagamit din ang mga pangunahin at pangalawang direksyon sa pagbigay ng panuto.

Ang pangunahing direksyon ay nahahati sa apat.

Hilaga – nakaturo sa hilaga
Timog – nakaturo sa timog
Silangan -nakaturo sa silangan
Kanluran -nakaturo sa kanluran

Bukod sa pangunahing direksyon mayroon ding tinatawag na pangalawang direksyon. Ang timog-silangan, timog-kanluran,hilagang-silangan at hilagang-kanluran.






# Pagyamanin


**Gawain A**

**Panuto:** Pag-aralang mabuti ang larawan. Sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Piliin ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.




1. Ang mga hilira ng sasakyan ay matatagpuan sa ____________.
   a. Timog-kanluran b. timog c. timog-silangan d. silangan
2. Sa anong pangalawang direksyon makikita mo ang paaralan?
   a. hilagang-silangan b. hilagang-kanluran
   c. hilaga d. silangan
3. Paaralan: pamilihan; hilagang-kanluran:_____________.
   a. Hilagang-silangan b.timog-silangan
   c.timog-kanluran d. hilagang-kanluran
4. Kung ikaw ay nakatayo sa gitna at nakaharap sa bulubundukin, anong istruktura ang nasa gawing kaliwa mo?
   a. Ospital b. Istasyon ng Gasolina c. paaralan d. bahay
5. Halimbawang ikaw ay nakatira sa tahanang nasa timog-silangan at gusto mong bumili ng isda sa may palengke, paano ka kaya makapunta rito?
   a. Tatahakin ko ang direksyung pa-kanluran
   b. Lalakad ako papuntang hilagang-kanluran at pagdating sa kalagitnaan ay liliko ako patimog-kanluran
   c. Lahat sa nabanggit
   d. Wala sa nabanggit

**Gawain B:** Gusto ng pamilya ni Amira na maligo sa talon ng Lapuyan. Ngunit ni minsan ay hindi pa sila nakapunta rito. Buhat sa mapa na nasa ibaba, maari mo ba silang tulungan? Bigyan ng 3 o 4 na hakbang ng panuto ang pamilya ni Amira upang makapagpiknik sila sa talon. Gamitin ang pangunahin at pangalawang direksyon sa pagbibigay ng panuto. Isulat ang iyong sagot sa papel.






# Isaisip

Kumusta kaibigan? Malayo-layo na rin ang ating nilakbay. Bago tayo magpatuloy ay unti-unti muna nating iproseso ang mga bagay na ating natutunan sa araling ito. Ayusin ang mga salita sa loob ng kahon upang mabuo ang kaisipang tinutukoy:

______________________- isang tagubilin sa pagsasagawa ng iniutos na gawain.

**UNPATO**

______________________ - ang pangkalahatang katawagan sa hilaga, silangan, kanluran at timog

**NAPAGNUHING YOSIDKERN**

Ang pangalawang direksyon ay binubuo ng ______________________

____________, ________________, ________________ at_______________.



# Tayahin

**Gawain A.**

**Panuto:** Pag-aralan ang mapa ng Zamboanga del Sur sa pahina 9. Sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang Molave ay matatagpuan sa ______________bahagi ng Pagadian City.
   a. Hilaga　　c. Hilagang-kanluran
   b. Hilagang-silangan　　d. Silangan

2. Kung ang iyong Tito ay mula sa Bayog at nais bumisita sa kanyang kapatid na nakatira sa Tabina paano siya makarating doon? Anong direksyon ang dapat niyang baybayin?
   a.papuntang silangan　　c. papuntang timog-silangan
   b. papuntang timog　　d. papuntang timog-kanluran

3. Nasa gawing kanluran ng San Miguel ang ______________________.
   a.Lapuyan　　b. Kumalarang　　c. Margosatubig　　d. Guipos

4. Ito ay isang tagubilin sa pagsasagawa ng iniutos na gawain.
   a.Utos　　b. Panuto　　c. Direksyon　　d. Kautusan

5. Kung ikaw ay nakaharap sa katimugang bahagi ng Dinas, anong katabing lungsod ang iyong makikita?
   a.Dimataling　　b. Tabina　　c. Pitogo　　d. San Pablo

**B. Panuto:** Ang pinsan mong taga- Aurora ay nais maligo sa magandang beach ng Pitogo at humingi ng tulong sa iyo upang matunton ang kinaroroonan ng lugar, paano mo ituturo sa kanya gamit ang mapa? Magbigay ng 3 o 4 na hakbang ng panuto gamit ang pangunahin at pangalawang direksyon. Isulat sa papel ang sagot.

**Rubriks sa pagbibigay ng panuto:**

| Batayan | Mahusay na mahusay (5puntos) | Mahusay (4-3Puntos) | Hindi Mahusay (2-1) |
|---|---|---|---|
| Kaalaman sa paksa | Nakapagbibigay ng pinakatama at pinakamaayos na pagsulat upang ipaliwanag ang sagot. | Nakapagbibigay ng sapat at maayos na pagsuat upang ipaliwanag ang sagot. | Di gaanong sapat ang pagpapaliwanag ng isinulat. |
| Organisasyon | Maayos na nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang ipinagawang gawain. | Nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang ipinagawang gawain. | Hindi gaanong nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang ipinagawang gawain. |
| Kalinisan sa pagkasulat | Maayos at malinis ang pagkakasulat. | Medyo maayos at malinis ang pagkakasulat. | Hindi maayos at malinis ang pagkakasulat. |

MAPA NG LALAWIGAN NG ZAMBOANGA DEL SUR





# Karagdagang Gawain

A. Sa isang malinis n papel gumuhit ng mapa ng pamayanang iyong tinitirahan.

B. Inutusan mo ang iyong nakababatang kapatid upang bumili ng pagkain sa tindahan. Bigyan mo siya ng 3 o 4 na hakbang ng panuto gamit ang pangunahin at pangalawang direksyon.Isulat sa malinis na papel ang iyong sagot.

**Rubriks sa pagguhit ng mapa at pagbibigay ng panuto:**

| **Batayan** | **Mahusay na mahusay (5puntos)** | **Mahusay (4-3Puntos)** | **Hindi Mahusay (2-1)** |
|---|---|---|---|
| Pagkamalikhain | Kinakakakitaan ng kahusayan at kakaibang konsepto | Kinakakakitaan ng di gaanong kahusayan at payak ang konsepto | Hindi mahusay na pagkagawa |
| Kalinisan sa pagkakaguhit | Maayos at malinis ang pagkakaguhit. | Medyo maayos at malinis ang pagkakaguhit. | Hindi maayos at malinis ang pagkakaguhit. |
| Kaalaman sa paksa | Nakapagbibigay ng pinakatama at pinakamaayos na pagsulat upang ipaliwanag ang sagot. | Nakapagbibigay ng sapat at maayos na pagsuat upang ipaliwanag ang sagot. | Di gaanong sapat ang pagpapaliwanag ng isinulat. |
| Organisasyon | Maayos na nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang ipinagawang gawain. | Nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang ipinagawang gawain. | Hindi gaanong nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang ipinagawang gawain. |

# Susi sa Pagwawasto

**TUKLASIN:**
Magkaiba ang sagot

**BALIKAN:**
Gawain A.
Magkaiba ang sagot
Gawain B.
1. Hilaga
2. Hilagang-kanluran
3. Timog-kanluran
4. Hilagang-silangan
5. Timog-silangan

**Pagyamanin**
**Gawain A.**
1. B
2. A
3. B
4. A
5. C

Gawain B. Magkaiba ang sagot

**TAYAHIN:**
**Tayahin:**
**A.**
1.b
2.c
3.a
4.b
5. a

**B. Magkaiba ang sagot**

**B.**
Magkaiba ang sagot

Karagdagang Gawain
Magkaiba ang sagot

**Karagdagang Gawain**
**Magkaiba ang sagot**

# Sanggunian


"House drawing-how to draw a house." Uploaded June 4, 2019. https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Feasydrawingseasy.com%2Fdigital-drawings%2Fhouse-drawing%2F&psig=AOvVaw3QFL6kKqOWGioYtYz9bmaL&ust=1607586211043000&source=images&cd=vfe&ved=0CAMQjB1qFwoTCIi-8qy3wO0CFQAAAAAdAAAAABAK.

"Zamboanga del Sur Provincial Seal." Accessed December 2020. https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.wikiwand.com%2Fen%2FZamboanga_del_Sur&psig=AOvVaw0ZSx126PSJGtYDpmpEZo6p&ust=1607590214435000&source=images&cd=vfe&ved=0CAMQjB1qFwoTCJiPmJ3GwO0CFQAAAAAdAAAAABAP.

Calatrava, Sancho. *Yaman ng lahi wika at pagbasa sa Filipino 4: Patnubay ng guro.* Sunshine Interlinks Publishing House ,Inc., 2015.

Garcia, Rod. "Panutoo at direksyon." Accessed December 2020. https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.scribd.com%2Fdoc%2F146989348%2FPanuto-at-Direksiyon&psig=AOvVaw2RsULGH7vycIEOhYGwBN8f&ust=1607659207261000&source=images&cd=vfe&ved=0CAQQjB1qFwoTCIDj9abHwu0CFQAAAAAdAAAAABAD.